BANGHAY SA PAGKATUTO PARA SA PAMBUNGAD NA ARALIN SA EL FILIBUSTERISMO

Mungkahing bilang ng mga araw: 2

Paksa

Ang Panitikan at ang El Filibusterismo
Maikling Buod ng El Filibusterismo
Mga Tauhan ng El Filibusterismo
Para sa Alaala

Sanggunian

El Filibusterismo (batayang aklat), mga pahina v–xix

Kagamitan

mga sipi ng krosword

Pamaraan

1. Pangkatin ang klase sa apat na pangkat at ipamahagi sa bawat pangkat ang sipi ng krosword. Pasagutan ito sa loob ng tatlong minuto.
   Panuto: Bilugan ang mga pangalan ng mga tauhan sa nobelang El Filibusterismo. Maaaring nakasulat ang mga ito ng pahalang, pababa, pataas, o palihis.

J	A	D	O	N	C	U	S	T	O	D	I	O	B	C	D	E	F	G	Z
U	U	H	I	E	T	N	E	T	I	N	E	P	L	A	C	I	D	O	E
L	J	A	K	L	M	N	O	P	Q	R	S	A	T	U	V	W	O	X	D
I	Y	Z	N	Z	O	G	A	Y	I	T	Z	U	Y	I	R	E	N	E	N
J	S	K	L	I	M	N	O	P	Q	R	S	L	T	U	V	W	Y	X	A
I	H	A	G	V	T	F	E	D	C	B	A	I	H	I	T	A	A	B	N
K	J	I	G	L	H	O	G	O	E	D	A	T	F	E	A	D	V	C	R
L	M	N	N	A	O	O	P	Q	R	S	T	A	U	V	L	W	I	X	E
K	Q	O	R	S	N	S	T	E	U	W	X	G	Y	Z	E	Z	C	Y	F
A	P	L	O	N	M	I	L	K	L	J	I	O	L	E	S	H	T	G	F
P	O	L	O	H	E	L	E	N	O	A	A	M	B	C	K	D	O	E	G
I	A	I	E	I	O	U	A	A	E	I	E	E	O	O	A	U	R	O	N
T	I	M	O	T	E	O	P	E	L	A	E	Z	N	E	B	U	I	N	A
A	A	B	B	C	D	E	F	F	G	H	I	A	J	K	E	N	N	I	H
N	H	E	N	E	R	A	L	K	L	E	A	Y	M	N	S	I	A	T	C
B	A	B	C	N	G	P	A	S	T	A	M	B	N	P	A	O	Q	N	N
A	R	S	T	U	I	Z	F	E	D	E	R	A	L	R	N	N	O	E	E
S	U	I	T	A	N	O	H	I	J	K	M	L	R	S	G	I	A	R	P
I	Z	Y	X	W	O	V	U	T	S	R	Q	O	P	A	M	L	A	O	A
L	O	H	A	G	O	R	I	U	Q	Q	M	I	O	C	Y	I	O	L	N
I	P	M	G	A	N	D	I	G	O	A	E	L	S	B	A	V	U	F	A
O	S	I	N	O	G	K	A	B	C	H	I	I	I	Q	I	E	A	E	M
A	S	D	E	E	L	A	V	O	D	N	A	S	I	M	O	U	N	I	R
U	B	O	N	O	V	O	X	E	I	O	U	A	C	U	S	T	U	D	E
G	I	A	R	A	K	A	M	A	I	L	A	B	A	N	A	M	R	E	H



2. Ilahad sa klase ang mga sagot sa krosword.

Paglinang

1. Ipabasa nang tahimik sa bawat pangkat ang sumusunod:
   Pangkat 1 – Ang Panitikan at ang El Filibusterismo, mga pahina vii hanggang ix ng batayang aklat.
   Pangkat 2 – Maikling Buod ng El Filibusterismo, mga pahina x at xi ng batayang aklat.
   Pangkat 3 – Mga Tauhan ng El Filibusterismo, mga pahina xii hanggang xviii ng batayang aklat.
   Pangkat 4 – Para sa Alaala, pahina xix ng batayang aklat.
2. Hayaang kumalap ng mahahalagang puntos ang bawat pangkat mula sa kanilang binasa upang magamit nila sa kanilang pag-uulat. Bigyan lamang sila ng sampung minuto upang isagawa ang pagbabasa at pagkalap ng mahahalagang puntos.

Pagpapalalim/Paglilimi

1. Ipasulat sa blakbord ang mahahalagang puntos na nakalap ng bawat pangkat sa paksang kanilang binasa.
2. Hayaang ipaliwanag ng bawat pangkat ang kanilang nakalap na mahahalagang puntos.

3. Tulungang bumuo ang mga estudyante ng isang *concept map* tungkol sa kanilang mga binasang paksa. Maaaring gawing gabay ang sumusunod na concept map.



4. Hikayatin ang mga estudyante na bumuo ng pangkalahatang kongklusyon ng mga paksang kanilang pinag-aralan batay sa kanilang binuong concept map. Hayaang ibahagi ng mga estudyante sa klase ang resulta ng kanilang ginawa.

Paglilipat/Paglalapat

1. Pangkatin ang klase sa apat. Bigyan ang bawat pangkat ng kopya ng Gampanin at ang rubric sa pagtataya ng pagsasagawa nito bilang gabay sa paghahanda para sa isasagawa nilang presentasyon.

Gampanin

Investigative Documentary Video

Goal	Nais mong ipakita ang sinasalaming uri ng lipunang mayroon noong panahon ng mga Espanyol batay sa nobelang El Filibusterismo.
Role	Ikaw ay *investigative journalist* kaya kinontrata ka ng mga *historian* mula sa National Historical Institute (NHI) at nais ng mga taga-NHI na saliksikin at suriin mo ang El Filibusterismo at ang mga simbolismong nakapaloob dito.
Audience	Maraming estudyante kasi ang nais makaalam tungkol sa kaugnayan ng El Filibusterismo sa mga pangyayari noon.
Situation	Nais nilang ipaunawa mo sa mga estudyante na ang literaturang isinulat noon ay repleksiyon ng panahon kung kailan ito naisulat.
Product	Upang patunayan na naglalarawan ang El Filibusterismo ng uri ng lipunan noong panahon ni Rizal, bubuo ka ng isang *investigative documentary video* tungkol dito.

Standard	Upang magustuhan ng iyong kliyente ang presentasyon, siguraduhin mong lohikal ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya, malinaw ang narasyon, may nauugnay na mga larawan o video, at angkop ang haba ng dokumentaryo na aabot lamang sa labinlimang minuto.

RUBRIC SA PAGTATAYA NG PRESENTASYON/PAGGANAP
(*Rubric for Assessment of Performance Task*)

Mga Pamantayan	*Labis sa mga Inaasahan* (94%–100%)	*Nakamit ang mga Inaasahan* (85%–93%)	*Tila Nakamit ang mga Inaasahan* (75%–84%)	*Hindi Nakamit ang mga Inaasahan* (65%–74%)	*Puntos*
Lohikal ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya					
Malinaw na narasyon					
May nauugnay na mga larawan o video					
Kaangkupan ng haba ng dokumentaryo (15 minuto)					

2. Ipaliwanag sa klase ang inaasahang presentasyon o pagganap para sa itinakdang gampanin. Maaaring magpakita ng halimbawa nito upang magkaroon ang mga estudyante ng malinaw na ideya tungkol sa kanilang gagawin.
3. Hayaan ang mga pangkat na magplano para sa pagsasakatuparan ng ibinigay na gampanin.
3. Sabihin sa klase ang petsa ng pagtatanghal ng mga pangkat.

Karagdagang Gawain/ Panlinang na Gawain

Pangkatin sa apat ang klase at magpasaliksik ng mga impormasyon tungkol sa mahahalagang pangyayari sa buhay ni Dr. Jose Rizal at sa kasaysayan ng pagkakalikha ng El Filibusterismo. Magpagawa sa bawat pangkat ng *timeline* tungkol sa mga impormasyong kanilang nasaliksik. Ipaskil sa bulletin board ng klase ang resulta ng kanilang ginawa.